



SAN MATEO COUNTY HEALTH

BEHAVIORAL HEALTH & RECOVERY SERVICES



Anunsyo: Update sa Handbook ng Benepisyaryo

Simula Marso 10, 2023, magkakaroon ng malaking mga update sa Mga Serbisyo Para sa Kalusugan ng Isip at Paggaling (Behavioral Health and Recovery Services, BHRS) ng San Mateo County Handbook ng Benepisyaryo para sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip na Nangangailangan ng Espesyalidad at Inayos na Sistema ng Paghahatid ng Medi-Cal kaugnay sa Gamot (Drug Medi-Cal Organized Delivery System, DMC-ODS).

Ipinaliliwanag ng handbook na ito kung paano maa-access ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na nangangailangan ng espesyalidad at DMC-ODS at kasama ang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan at responsibilidad bilang isang benepisyaryo. Magkakaroon din ng mga update sa Tagline ng Wika at mga abiso sa Walang Diskriminasyon. Available nang naka-print ang na-update na Handbook ng Benepisyaryo kapag hiniling pati rin sa aming website sa:

<https://www.smchealth.org/new-client-information-english>

Kung kailangan mo ang abisong ito at/o iba pang mga dokumento mula sa BHRS ng San Mateo County sa isang alternatibong format ng pakikipag-ugnayan tulad ng malalaking font, Braille, o elektronikong format, o, kung gusto mo ng tulong sa pagbabasa ng materyal, mangyaring kontakin ang BHRS sa pamamagitan ng patawag sa (800) 388-5189.

